

\*Ang pahayag na ito ay para sa mga planong lumabas ng Japan sa araw at pagkaraan ng Setyembre 1, 2020.

Mga tanging halimbawa ng mga kaso ng pagbibigay ng permiso ng entry at re-entry ng banyaga na may mahalagang dahilan o dulot ng hindi inaasahang pangyayari kaugnay ng pagsunod sa pamamaraan upang makaiwas sa paglawak ng impeksyon (COVID-19)

Agosto 28, 2020

Ukol sa pagkalat ng COVID -19 sa iba't ibang bahagi ng mundo, ang Minister of Justice ay pansamantalang hindi magbibigay ng pemiso sa pagpasok sa Japan ng mga banyagang nanatili sa natiyak na bansa/rehiyon o kabilang sa travel ban sa ilalim ng Artikulo 5, talata (1), item (xiv) ng Immigration Control and Refugee Recognition Act, maliban kung may espesyal na dahilan at hindi inaasahang pangyayari.

Simula Setyembre 1, 2020 kabilang sa espesyal na exceptional ang mga banyaga na lumabas ng Japan na may re-entry permit (kabilang ang special re-entry permit; at iba pang kauri nito) at kung may hawak ng alinman sa Receipt ng intension sa re-entry sa Japan mula sa Immigration Services Agency of Japan o Kasulatan ng Patunay na nagpasa ng mga kailangang Dokumento para sa Re-entry sa Japan mula sa Misyong Diplomatiko sa ibang bansa, banyagang nag aplay ng permiso sa paglapag na naaayon sa “ Pamamaraan para sa unti unting pagbabalik ng paglalakbay o pagdating mula sa ibang bansa” at ang banyaga na binigyan ng permiso sa new entry o re-entry sa Japan na may mahalagang dahilan o dulot ng hindi inaasahang pangyayari (Note 1).

Ang mga sumusunod ay mga tanging halimbawa ng mga kaso na mabibigyan ng permiso ng new entry o re-entry depende sa pang indibidwal na sitwasyon.

- Banyagang bagong pasok ng Japan na nasa ilalim ng mga sumusunod na kategorya (Note 2)
  - Kabiyaq o anak ng Japanese o permanent resident
  - Kabiyaq o anak ng banyagang na ang status of residence ay “Long-Term Resident” na ang pamilya ay naninirahan sa Japan at napahiwalay sa mga ito.
  - Banyaga na kukuha ng status bilang “Instructor” o “Professor” na kailangang pumasok ng Japan upang mapunan ang bakanteng pwesto sa institusyong edukasyonal na kung saan siya ay nababagay , at ang pagiging bakante nito ay magiging resulta ng pagkansela ng mga aktibidades ng nasabing institusyon..
  - Banyagang kukuha ng status para sa “Serbisyong Medikal” at maaaring makapag ambag upang lalong mapahusay at mapalakas ang sistemang medikal ng Japan.

(Note 1) Bilang prinsipyo, kailangang sundin ang karagdagang pamamaraan sa pag iwas at pagkontrol ng epidemya sa pagpasok sa Japan, (Click “[Karagdagang Pamamaraan sa pag iwas at pagkontrol ng Epidemya sa Entry at Re-entry ng ibang Nasyonalidad](#)”)

(Note 2) Batay sa layunin ng pagpasok ng Japan, kailangang kumuha ng visa sa Embahada o Konsulada ng Japan sa kinaroroonang bansa/rehiyon.

Kontak: Adjudication Division, Immigration Department, Immigration Services Agency  
Tel: (Operator) 03-3580-4111 (Ext. No. 4446 • 4447)